
	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2020-0008
	Title	<b>Payment of Premium Contributions through the Online Payment Facility of the Electronic Premium Remittance System (EPRS)</b>
Tanong	Sagot	
<b>Sino-sino ang sakop ng Circular na ito?</b>	Lahat ng employers sa pribado o pampublikong sektor.	
<b>Bakit kailangan ang Circular na ito?</b>	<p>Layunin ng Circular na ito na mapaaayos at mapabilis ang pagtanggap at awtomatikong pag-post ng kontribusyon ng mga employer sa PhilHealth gamit ang online facility na Electronic Premium Remittance System (EPRS)</p> <p>Naglalayon din ito na maiwasan ang pagdami ng mga dishonored na transaksyon sa PhilHealth sa pamamagitan ng paglilimita ng Over-the-Counter Payment. Kaugnay nito, tanging Cash o Manager's Check lamang ang tatanggapin sa Over-the-Counter na transaksyon sa mga piling pagkakataon.</p>	
<b>Kailan magiging epektibo ang Circular na ito?</b>	<p>Ang Circular na ito ay magiging epektibo labinlimang (15) araw pagkatapos na ito ay mailathala sa mga pangunahing pahayagan sa buong bansa.</p> <p>Ang pagapapatupad ng mga probisyong nabanggit sa Circular ay magsisimula sa Hunyo 2020.</p> <p>Ang mga employer ay binibigyan ng anim (6) na buwan pagkatapos maging epektibo ang Circular na ito upang makipag-ugnayan at ma-enroll ang kanilang account sa napili nilang bangko na may gateway/facility sa EPRS.</p>	
<b>Ano-ano ang mga bangkong may interlink sa EPRS?</b>	Ang kumpletong listahan ng mga bangko na may interlink sa EPRS ay makikita sa <a href="http://www.philhealth.gov.ph">www.philhealth.gov.ph</a> .	
<b>Sino ang mga exempted sa Circular na ito ?</b>	<p>Ang mga kasambahay, family drivers at mga employer mula sa Geographically Isolated and Disadvantaged Areas (GIDAs) ay maaring magbayad ng kanilang kontribusyon sa lahat ng Local Health Insurance Offices (LHIOs).</p> <p>Ang mga employer mula sa lugar na may mahina o walang internet connection ay maaring sumulat sa PhilHealth upang humiling ng exemption sa polisiyang ito.</p> <p>Ang Over-the-Counter na transaksyon ay pinahihintulutan sa mga sumusunod na pagkakataon:</p>	

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	<b>Circular No.</b>	<b>2020-0008</b>
	<b>Title</b>	<b>Payment of Premium Contributions through the Online Payment Facility of the Electronic Premium Remittance System (EPRS)</b>
	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. System downtime lalo na kapag deadline;</li> <li>2. Karagdagang kontribusyon mula sa pampublikong ahensya dahil sa salary differential o salary increment gamit ang List of Due and Demandable Accounts Payable with Advice to Debit Account (LDDAP-ADA ayon sa Department of Budget and Management Circular Letter No.2013-16;</li> <li>3. Mga employer na napatunayang may kakulangang bayad na kontribusyon sa PhilHealth at nakatanggap ng Billing Statement.</li> </ol> <p>Lahat ng Over-the-Counter na bayad ay cash basis o Manager's check lamang.</p>	